

23. Panginoon, dalangin namin ang pagbabago sa mga puso ng mga kalalakihan na gumagawa ng pagmamalupit sa Cambodia at ang kumpletong kagalingan para sa mga kababaihan na nagdura nito sa kanilang mga buhay. (Isa. 29:24)

24. Panginoon, magsugo ka nawa ng mga espirituwal at matatag na mga lider na babae sa India na magmiministeryo at tutulong sa mga kababaihan na makasumpong ng kagalingan, pag-asa at kapayapaan kay Hesus. (Titus 2:1, 3-5)

25. O Diyos, pinupuri ka namin dahil sa mga tapat na mga donor na sumuporta sa mga gastusin para sa produksyon at pagsasahimpapawid ng mga programa ng Indonesian at Javanese *Women of Hope* sa loob ng 20 mga taon. (John 3:21)

26. Pinupuri at pinasasalamat ka namin, o Diyos, ang mga pamilyang South Korean ay naging matatag at ang paghihiwalay ay nabawasan dahil sa kanilang paglalaan ng oras sa tahanan dulot ng COVID-19. (Ps. 133:1)

27. Mahal naming Ama, panatilihin mo nawang ligtas ang mga matatandang Japanese. Mapagtanto nawa nila na kasama ka nilang lagi, maging hanggang kamatayan. Hipuin mo nawa ang mga miyembro ng Iglesya na maglaan sa kanila ng oras at akayin sila kay Kristo. (Isa. 46:4)

28. Dalangin namin na ang mga nanghahalay sa mga musmos sa Nepal ay madala sa hustisya at magkaroon ng pagbabago ng puso. Ama, dulutan mo nawa ng kagalingan ang mga batang nakaranas ng ganitong kasamaan. Ps. 147:3)

29. Sa kanilang paghahanap ng tamang trahabo, o Diyos, nawa ang mga Filipino na mga kababaihan na walang trabaho ay lumapit sa iyo bilang kanilang manunustos. (Ps. 34:10)

30. Ama, palakasin mo nawa ang mga Kristiyanong Vietnamese na mga kababaihan na lumago ng malalim sa kanilang espirituwal na paglakad sa iyo. Nawa'y maibahagi nila ang ebanghelyo ni Hesu Kristo sa ibang mga kababaihan at makapagdisipulo ng mga bagong mananampalataya. (2 Tim. 2:2)

31. Dalangin namin na mawakasan ang pisikal at emosyonal na karahasan sa mga tahanan sa Mongolia. Ama, nawa'y mahal in ng mga lalaki ang kanilang mga asawa sa paraang iyong iniuutos. (Col. 3:19)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다



## Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2022. 07.

### Panalangin para sa Asia

Ang TWR Women of Hope sa Korea ay nangangaral ng ebanghelyo ni Jesu Cristo sa pamamagitan ng pagsasahimpapawid ng programa sa loob ng 25 taon sa North Korea, kung saan ang misyonero ay hindi maaaring makapasok. At ang grupo naman ng Japanese, na noon pang nakaraang taon naghahanda sa ministeryo, ay naghahandang mabuti sa pagsasahimpapawid ng programa, na magsisimula na sa Oktubre ngayong taon. Pakipanalangin na ang Women of Hope sa Korean at Japanese ay maging mahalagang gamit upang madala sila sa Diyos.

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층  
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twr.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Ama, dahil sa pagtaas ng mga restriksyon para sa mga *online content* sa China, hiling namin na bigyan mo nawa ng wastong karunungan ang mga nasa likod ng mga gawaing ito upang kanilang maipahayag ng malinaw ang ebanghelyo. (Prov. 2:7)
2. Panginoon, gawaran mo nawa ng karunungan at pangunguna ang mga *language coordinator* sa India sa kanilang paghahanap ng mga boluntaryo para maging kasama sa pananalangin, sa pagbubuo ng grupo ng mga tagapanalangin, pag-aayos ng mga pagtitipon at para magsilbing pangunahing *point of contact* ng mga tagapakinig ng mga programa ng **Women of Hope**. (Isa. 28:29)
3. Ama, dahil 80% ng mga Indonesian na mga kababaihan ay mga hindi mananampalataya, gamitin mo nawa ang mga programa ng Indonesian at Javanese *Women of Hope* upang makapagbigay sa kanila hindi lamang ng mga kaalaman tungkol sa kalusugan kundi pati narin ng mga espirituwal na pagkaunawa kay Hesus. (Col. 1:9)
4. Ama naming nasa langit, ingatan mo nawa ang mga kababaihan South Korean, mga batang babae at mga may kapansanan sa isip mula sa mga mapanirang digital, pisikal at seksuwal na pagsasamantala sa kanila. (Ps. 91:3)
5. O Diyos, bigyan mo nawa ng inspirasyon at gawin Mong malikhain ang grupo ng TWR Women of Hope Cambodia sa kanilang pagbubuo ng mga proyekto at mga programa para maiabot ang iyong pag-ibig at pag-asa sa iba't-ibang grupo ng mga kababaihan. (Exod. 35:31)
6. Panginoong Diyos, sagipin mo nawa ang mga naabusong kababaihan at mga kabataan sa Japan. Pagalingin mo nawa sila sa pisikal, mental, at espirituwal, at nawa ay makasumpong sila ng pag-asa kay Hesu Kristo. (Ps. 103:3-5)
7. Ama, gamitin mo nawa ang simpleng pagsasanay sa pananahi at paggawa ng damit sa Nepal upang makatulong sa mga makikilahok. Nawa, ito ay maging paraan upang sila ay makapaghanapbuhay para sa kanilang mga pamilya at higit sa lahat ay makasumpong sila ng kaligtasan at pag-asa kay Hesus(Ps. 128:2)

8. Panginoon, gamitin mo nawa ang mga programa ng *Women of Hope* sa Cebuano, Ilocano at Tagalog na makapagdulot ng pag-asa at mahipo ang mga puso at buhay ng mga kababaihan sa Pilipinas. (Rom. 15:13)

9. Ama, patatagin mo nawa ang mga mahihirap na mga kababaihan sa mga liblib na lugar sa Northern Vietnam na labis ang pagtatrabaho para masuportahan ang kanilang mga anak at tumatandang mga magulang. (Isa. 40:29-31)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: [www.twrphilippines.com](http://www.twrphilippines.com)

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

10. Sa labis na pagtaas ng mga presyo ng mga pagkain sa Mongolia, ang mga pamilyang may maliit na kita ay salat sa pera para makabili ng pagkain. O Diyos, punan mo nawa ang kanilang mga araw-araw na pangangailangan upang hindi sila magutom! (Ps. 34:6)

11. Panginoon, dalangin namin na ang mga kababaihan sa Singapore ay maisaalang-alang at magbigyan ng mga mataas na klase ng mga trabaho na kuwalipikado naman sila. (Prov. 31:31)

12. O Diyos, dalangin namin na ang *social custom* sa China na mas gusto ang anak na lalaki kaysa sa mga babae ay mawakasan na. Dalangin namin na ang mga simbahan ay higit na sundin ang turo na may kinalaman sa paghahari ng Diyos laban sa mga dinidikta ng lipunan na kontra dito. (Gen. 1:27)

13. Pinupuri ka namin, Panginoon, na ang TWR Women of Hope India ay nakapagsasagawa ng mga programang pang edukasyon hinggil sa mga paksa katulad ng pagiging baog, pangangasiwang pinansiyal at kanser na nakapagbigay benepisyo sa mga kababaihan. (Isa. 28:26)

14. Ama, pinasasalamat ka namin sa pagkakaloob mo ng 64 na lokal na mga estasyon na nagsasahimpapawid ng mga programa ng *Women of Hope*, at nagkakaloob ng mga espirituwal at praktikal na mga impormasyon sa mga libu-libo sa kabuuan ng Indonesia. (2 Cor. 9:11-12)

15. Dalangin namin na ang kababaihan North Korean ay mapakinggan nawa ang mga programa ng *Women of Hope* na nilikha sa South Korea, mauunawaan ang ebanghelyo, maramdaman ang kanyang pag-ibbig at tanggapin si Hesu Kristo. (Isa. 28:23)

16. Maraming mga kabataan at mga kababaihan sa Cambodia ay napahihirapan ng depresyon. Nawa ang bawat isa sa kanila ay makasumpong ng pag-asa at kagalingan sa iyo, o Diyos. (Ps. 94:19)

17. Panginoon, dalhin mo nawa ang ebanghelyo ng kaligtasan sa mga Asian na mga kababaihan na nagtatrabaho sa Japan para masuportahan ang kanilang mga pamilyang naiwan. Protektahan mo nawa sila mula sa pangungulila, takot, pagkawasak ng pamilya at mga relasyon at mula sa *human trafficking*. (Deut. 31:6)

18. Ama, pinupuri ka namin dahil sa ang bilang ng mga estasyon sa Nepal na nagsasahimpapawid ng mga programa ng *Women of Hope* ay tumaas mula sa 8 at naging 15 ngayong May 2020. (1 Chron. 16:9)

19. Marami sa mga mag-asawang Filipino ay nahihirapan sa kanilang pakikitungo sa kanilang mga kapareha. Ama, magdulot ka nawa ng pagkakaisa sa kanilang mga relasyon at turuan mo silang kung paano sila dapat makipag-usap ng wasto. (1 Pet. 3:8-12)

20. Panginoon, baguhin mo nawa ang mga puso ng mga Vietnamese na mga nasa edad na at umaabuso sa mga bata, na sila nawa ang mangalaga at magprotekta sa kanila. Nawa ang mga nasa kapangyarihan ay magbigay edukasyon sa lahat at manguna sa pagpigil sa kasamaan. (Prov. 25:28)

21. Panginoon, nanalangin kami labas sa pagtaas ng bilang ng mga nagbubuntis na mga *teenager*. Nawa ang mga batang ito ay maturuan at maunawaan ang dunong sa iyong plano para sa pakikipagtalik sa loob ng kasal. (1 Thess. 4:3-6)

22. Dalangin namin na lahat ng mga kababaihan sa China ay mapagtant ang kanilang tunay na pagkakakilanlan sa Diyos, na magbibigay sa kanila ng tunay na pagpapahalaga sa sarili sa kabila ng kanilang mga pinagdadaanan. (Eph. 1:4-6)